

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

1215 O Street, MS 8-30
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061



Oktubre 7, 2021

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PAGPAPANUMBALIK NG CAMPING, LIBANGANG PANLIPUNAN AT
IBA PANG MGA SERBISYO ALINSUNOD SA WELFARE AND
INSTITUTIONS CODE SEKSYON 4648.5

Epektibo sa Hulyo 1, 2021, ang mga pagbabago sa Welfare and Institutions (W&I) Code seksyon 4648.5 ay nagpapanumbalik ng awtoridad ng regional center para pondohan ang mga serbisyong pang-camping at nauugnay na mga gastusin sa pagbibiyaha; mga aktibidad para sa libangang panlipunan; mga serbisyong pang-edukasyon para sa mga batang nasa edad na tatlo hanggang 17 taong gulang; at mga therapy na hindi medikal, kasama ang, ngunit hindi limitado sa, espesyalisadong libangan, sining, sayaw, at musika. Pinapayuhan ang mga regional center na magsagawa ng mga proaktibong hakbang para ipagbigay-alam sa kanilang komunidad ang tungkol sa mga pagbabago sa W&I Code seksyon 4648.5.

Hinihiling ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) na magbigay ng impormasyon ang mga regional center sa mga tagapangasiwa ng serbisyo at makipag-ugnayan sa mga konsumidor, pamilya, provider at mga lokal na organisasyon sa komunidad upang ipagbigay-alam ang tungkol sa pagkakaroon ng mga serbisyong ito. Ang pakikipag-ugnayan at pagbabahagi ng impormasyon ay dapat makaabot din sa mga indibidwal at pamilya na maaaring hindi karaniwang gumagamit ng mga ganitong uri ng serbisyo o iba pang mga serbisyong binabayaran sa regional center, ngunit maaaring makinabang mula sa pagtanggap ng mga serbisyong ito. Sa pagbuo ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan, dapat isaalang-alang ng mga regional center ang mga pagkilos na makakapagpataas ng kamalayan at magpapadali ng pagbabahagi ng impormasyon sa mga indibidwal at komunidad na hindi nagsasalita ng Ingles at mula sa ibang lahi. Dapat talakayin ng mga tagapangasiwa ng serbisyo ang pagkakaroon ng mga ipinanumbalik na mga serbisyong ito at mga nauugnay na pangangailangan ng konsumidor sa panahon ng pagpupulong para sa Plano para sa Indibidwal na Programa, alinsunod sa W&I Code seksyon 4646(a).

"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"

Mga Executive Director ng Regional Center
Oktubre 7, 2021
Pahina dalawa

Dapat magsumite sa Kagawaran ang bawat regional center ng plano ng pakikipag-ugnayan. Bilang karagdagan, dapat baguhin ng bawat regional center ang mga patakaran nito sa purchase of service (POS), kung kinakailangan, upang sumalamin sa pagpapanumbalik ng pagpopondo para sa mga serbisyong ito at maitaguyod ang pagtalima sa pagbabagong ito sa kautusan at isumite ang mga ito sa Kagawaran para sa pagsusuri at pag-apruba. Dapat maisumite sa Kagawaran ang plano ng pakikipag-ugnayan at binagong mga patakaran sa POS pagdating ng Disyembre 15, 2021.

Isasalin ng Kagawaran ang liham na ito sa tinukoy na mga wikang ginagamit ng marami at ipo-post ang Ingles at isinaling bersyon sa aming website. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa liham na ito, tawagan ang inyong Pangunahing Tagapag-ugnay (Primary Liaison) o ang Opisina ng mga Pagpapatakbo ng Komunidad (Office of Community Operations) sa (833) 421-0061.

Taos-puso,

Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:

ERICA REIMER SNELL
Deputy Director
Dibisyon ng mga Serbisyo sa Komunidad (Community Services Division)

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center